**INTERNATIONAL NAPASA (September 9, 2025)**

## 1) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG OKTUBRE

10月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***FITNESS, HULA DANCE, REJUVENATION EXPERIENCE, STRETCH EXERCISE*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa September 12 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.

## 2) IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa September 14 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 3) PAGPAPAALAM UKOL SA THEATER FESTIVAL NG HIRATSUKA CITY

平塚市の演劇フェスティバルのお知らせ

Sa September 27 (Saturday)at September 28 (Sunday) ay magkakaroon ng " 2 araw na ***CIVIC THEATHER FESTIVAL"*** sa Central Community Center ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 1:30 ng hapon. Ang Theater Company na nagsasagawa ng aktibidad sa loob ng siyudad ay magpapalabas ng 6 na drama. Ang halaga ng Entrance Fee ay ¥500. Makakabili ng Enrance Ticket internet sa Livepocket ng Home Page ng Siyudad o tumawag at magpa-reserba hanggang September 20 sa ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN). T***elephone No. **0463-32-2237 (0463-32-2237).** Ibibigay ang Ticket sa araw ng panonood sa nasabing lugar. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN).*** Telephone No. **0463-32-2237**

## 4) IMPORMASYON UKOL SA GABAY SA PAGPASOK NG HIGH SCHOOL

高校入学ガイダンスのお知らせ

**MGA SCHEDULE NG GABAY SA MGA NAIS PUMASOK SA PUBLIC HIGH SCHOOL NG KANAGAWA PREFECTURE SA TAONG 2026**:

1. September 15 (Monday) sa Kawasaki International Exchange Center
2. September 23 (Tuesday) sa Nishi Koukaidou Yokohama City
3. October 5 (Sunday) sa Shibuya Private Junior High sa Yamato.
4. October 13 (Monday) sa City Plaza sa Atsugi City
5. October 19 (Sunday) Koyo Junior High School sa Hiratsuka City.
6. October 26 (Sunday) sa Sagamihara International Lounge sa Sagamihara City.

Para sa mga nais dumalo ay mag-apply sa website ng ***KANAGAWA PREFECTURE (me-net).*** At sa mga taong nag-apply na ay ipadadala sa e-mail ang oras at iba pang detalyadong impormasyon. At para sa mga nangangailangan ng taga-salin ng wika ay ipaalam na lamang sa amin.